# Ilang mga Bid’ah sa Buwan ng Rajab

من بدع شهر رجب

[ wikang Filipino]


Author 'pangalan:

**Muhammad Taha Ali**

pangalan rebisaher:

**Nur Maguid**

# من بدع شهر رجب

اسم المؤلف

محمد طه علي

مراجعة:

نور جيد ماجيد

# Ilang mga Bid'ah sa Buwan ng Rajab

1. Ang pagdiriwang sa ika- 27 ng gabi nito: At tinatawag nila itong *Laylatul Isra' Wal Mi'raj* (ang gabing paglakbay sa Jerusalem at pag-akyat sa langit). Sa dahilang hindi napagtanto ang katakdaang araw nito sa mga tumpak na *Hadith*, bagkus ang lahat ng nagpahayag sa katakdaang araw nito ay hindi napatunayan mula sa Propeta (ﷺ) ayon sa pahayag ng mga Pantas ng Hadith. At kung napatunayan man ang takdang araw nito, hindi pa rin ipinahihintulot sa mga Muslim na itakda itong isang pangbatas na gawain, dahil hindi itinagubilin sa kanila na ipagdiriwang ito, ni magtakda rito ng anumang gawaing pangbatas.

*(Tingnan ang aklat na nagngangalang "Risalat At-Tahdhir minal Bida" kay Shaikh Abdul Aziz bin Baz)*

2. Ang tinatawag na *Salat Ar-Ragaib*: Sinabi ni *Al-Hafidh ibn Rajab* – nawa'y kahabagan siya ng *Allah*: "Walang partikular na *Salah* na napatunayang nabubukod-tangi lamang sa buwan ng *Rajab*." Samakatuwid ang mga *Hadith* na nagpapahayag tungkol sa kahalagahan ng naturang *Salah* sa unang gabi ng Biyernes sa buwan ng *Rajab* ay kasinungalingan at walang katuturan, hindi tumpak. Kung gayon ang *Salah*

na ito ay *Bid'ah* batay sa pahayag ng karamihang mga Pantas….. at ang simula ng paglantad nito ay pagkalipas na ng apat na siglo, kung kaya't hindi ito alam ng mga sinauna, at hindi sila nakapagpahayag tungkol dito.

*(Tingnan ang aklat na nagngangalang "Lataif Al-Maarif" kay ibn Rajab)*

3. Ang pag-aayuno sa buwan ng *Rajab* o sa mga ilang araw nito: Sinabi ni *Al-Hafidh ibn Hajar* – nawa'y kahabagan siya ng *Allah*: "Walang napatunayan na tumpak na *Hadith* na nagpapahayag tungkol sa kahalagahan ng buwan na ito, ni ito'y pag-aayunuhan, o ang isang partikular na araw nito, at maging sa pagtaguyod sa isang partikular na gabi nito, na maaaring pagbabasihan. At sa katunayan, naunahan ako ni *Al-Imam Abu Ismael Al-Harawie Al-Hafidh* sa pagpasiya nito – nawa'y kahabagan siya ng *Allah*."

*(Tingnan ang aklat na nagngangalang "Tabyin Al-'Ajab bima warada fi Fadhl Rajab" kay Al-Hafidh ibn Hajar)*

4. Ang pagsasagawa ng *Umrah* sa buwan ng *Rajab*: Tunay na hindi napatunayan sa Sugo (Muhammad ﷺ) na siya ay nagsagawa ng *Umrah* sa buwan ng *Rajab*. Samakatuwid ang pagsasagawa ng *Umrah* sa buwan ng *Rajab* ay walang kalamangan sa ibang buwan bukod dito, nang tulad ng pag-aakala ng ilang mga tao.

Ang tumpak na ulat tungkol sa Propeta (ﷺ), siya ay nakapag-umrah ng apat na ulit lamang, ang lahat ng ito ay sa buwan ng *Dhul Qaidah* maliban sa yaong isinabay niya sa kanyang *Hajj*.

Una: *Umrah Al-Hudaibiyyah*; ika- 6 sa taon ng Hijrie, subalit siya ay hinarangan ng mga Pagano sa sagradong Bahay (*Ka'bah*).

Pangalawa: *Umrah Al-Qadha'*; sa sumunod na taon.

Pangatlo: Ang *Umrah* na kanyang isinagawa mula sa *Al-Ju'ranah* sa taon ng kalayaan.

Pang-apat: Ang *Umrah* na isinabay niyang isagawa sa kanyang *Hajj*.

*(Tingnan ang aklat na nagngangalang "Zadul Muad" kay ibn Al-Qayyim)*

Isinalin sa Tagalog ni: Muhammad Taha Ali

IslamHouse.com